

## **Kagawaran ng Edukasyon ng California**

### **Patakarán at Proseso ng Mga Serbisyo ng Wika**

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng California (California Department of Education, CDE) ay responsable sa pagsiguro na lahat ng tao, kasama ang Limitadong Kasanayan sa Ingles (Limited English Proficient, LEP) ay mabibigyan ng pantay na paggamit sa mga serbisyo at impormasyon na makukuha. Pangako ng CDE na ang lahat ng kanilang mga programa at serbisyo ay magagamit ng mga customer na LEP alinsunod sa Batas ng Mga Serbisyo ng Bilingguwal ng Dymally-Allatorre (Dymally-Allatorre Bilingual Services Act) at Titulo VI ng Kodigo ng Karapatang Sibil ng 1964. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng mga mapagkukunan, kabilang na ang mga interpreter at mga naisalin na mga materyales ng impormasyon at mga serbisyo sa mga wika na madaling mauunawaan ng indibidwal na humihingi ng gabay o tulong mula sa CDE.

May karapatan ang isang tao na makipag-ugnayan sa CDE sa wikang pinakamahusay na masisiguro ang makabuluhang paggamit sa mga programa at serbisyo nang walang gastos sa kanila. Maaaring hilingin ng CDE ang isang miyembro ng pamilya o isang menor de edad na magsalin para sa tao sa isang pang-emerhensiyang sitwasyon **lamang**, o upang makakuha ng mga hindi makabuluhang impormasyon gaya ng pag-alam ng wika na sinasalita ng tao. Sa ganitong mga sitwasyon, muling makikipag-ugnayan ang CDE sa sinumang indibidwal sa pamamagitan ng sertipikadong bilingguwal na empleyado upang alamin ang uri ng tanong at magbigay ng kinakailangan na impormasyon.

Lahat ng mga reklamo laban sa paaralan o distrito ng paaralan kaugnay sa mga serbisyo ng wika ay dapat na isampa nang direkta sa distrito ng paaralan.

Kung ang partido na humihiling ay hindi nasiyahan sa kinalabasan kaugnay sa pagsasalin o mga serbisyo ng pagsasalin na ibinigay ng CDE, malaya silang makakapagsampa ng reklamo gamit ang mga naibalangkas na hakbang sa ibaba:

1. Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Pantay na Pagkakataon (Office of Equal Opportunity, OEO) pangunahing linya 916-445-9174, elektronikong pakikipag-ugnayan sa [oeoinfo@cde.ca.gov](mailto:oeoinfo@cde.ca.gov) o numero ng fax 916-324-9818.
2. Kumpletuhin ang [Language Services Complaint form](#) at ibalik sa OEO.
3. Ang OEO ay magbibigay-alam ng pagtanggap ng reklamo sa nagrereklamo gamit ang paraan na ginamit sa pagsampa sa loob ng dalawang araw ng pagtatrabaho.
4. Makikipag-ugnayan ang OEO sa apektadong Dibisyon/Sangay kaugnay sa impormasyon na nilalaman sa pormularyo ng reklamo.
5. Mangangalap ang Dibisyon/Sangay ng mga angkop na impormasyon kaugnay sa reklamo.

6. Makikipag-ugnayan sa OEO ang rumerespondeng Dibisyon/Sangay sa loob ng pitong araw ng pagtatrabaho upang mag-ulat ng resolusyon. (Dahil sa uri ng ilan sa mga reklamo, ang pagkalap ng katotohanan ay maaaring magtagal ng mahigit sa pitong araw ng pagtatrabaho, kung ito ang kaso, aabisuhan ng OEO ang nagrereklamo tungkol sa dagdag na araw).
7. Maghahanda at magpapadala ng opisyal na tugon ng resolusyon ng CDE ang OEO sa loob ng 10 araw ng pagtatrabaho mula sa unang reklamo.